

Paghihikayat ng Pagtugon sa 2020 Senso sa Panahon ng COVID-19

Mga Ideya upang Hikayatin ang Pagtugon sa Gitna ng Pagdidistansya sa Ibang Tao

ANG MGA KOMUNIDAD SA BUONG BANSA AY NAGBABAGO MULA SA MGA KAGANAPANG MAY HARAPANG PAKIKITUNGO PATUNGO SA MGA SUMUSUNOD NA IDEYA UPANG HIKAYATIN ANG PAGTUGON SA 2020 SENSO.

Unahin ang mga Lugar na Kaunti ang Tumutugon

Suriin ang mga antas ng pagtugon ng kapitbahayan ayon sa mga itinalagang lugar.

- Tingnan ang mapa ng Antas ng Pagtugon para sa 2020 Senso sa <<https://2020census.gov/en/response-rates.html>>.
- Ituon ang mga pagsusumikap lalo na sa mga lugar na kaunti ang tumutugon.

Maging Nakikita sa mga Bukas na Lokasyon

Ipaskil ang mga materyales ng 2020 Senso sa mga tindahan ng grocery, lugar ng pagsusuri para sa COVID-19, mga tanggapan para sa nawalan ng trabaho at mga food pantry.

- Makukuha ang mga materyales sa pag-abot sa <<https://2020census.gov/en/partners/outreach-materials.html>>.

Hamunin ang Iba

Hamunin ang ibang komunidad o kapitbahayan sa isang magiliw na Hamon para sa Antas ng Pagtugon.

- Makukuha ang toolkit ng mga ideya sa paghamon sa <<https://2020census.gov/en/news-events/press-releases/response-rate-challenge.html>>.
- Lumikha ng mga karatula para sa bakuran upang magtaguyod ng kumpetisyon at imbitahan ang lokal na media na ibalita ang hamon.

Maglagay ng Maikling Pahayag

- Makipagtulungan sa mga kasosyo upang maglagay ng maikling pahayag tungkol sa 2020 Senso sa mga resibo ng bayarin para sa utilidad, resibo sa tindahan, atbp.
- Magbigay ng mga nai-customize na hinuhulog na artikulo para sa mga organisasyon batay sa komunidad upang maisama sa kanilang mga newsletter at email na ipinapadala sa maraming tao.
- Gamitin ang wika ng 2020 Senso na "Tumugon na Ngayon!" sa mensahe sa tuwing naka-hold ang pagtawag.

Gawing Digital

- Magdaos ng isang Webinar para sa 2020 Senso o birtwal na town hall (pagpupulong ng mga residente) kasama ang mga miyembro ng komunidad.
- Magdaos ng isang live na social media chat para sa 2020 Senso o isang lokal na DJ party sa Facebook, Twitter, Instagram, o Google Hangouts.
- I-display ang mga banner o link para sa 2020 Census sa mga Website ng lungsod (city) (tanggapan ng alkalde, kumpanya ng kuryente, atbp.). Makukuha ang mga Web badge at banner para sa 2020 Senso sa <<https://2020census.gov/en/partners/outreach-materials/badges.html>>.
- Simulan ang "thunderclap," o social media roadblock, kung saan maraming kasosyo sa iyong lugar ang gagamit ng #2020Census na hashtag at mensaheng "Tumugon na ngayon!"

Kumonekta sa amin
@uscensusbureau

Para sa higit pang impormasyon:
2020CENSUS.GOV

D-FS-PA-EN-031

Shape
your future
START HERE >

United States®
Census
2020

sa parehong social media site sa isang partikular na petsa at oras.

- Mag-post ng isang blog o mensaheng naka-video sa mga panloob at panlabas na channel upang hikayatin ang mga taong tumugon sa senso.
- Gawing bahagi ang mga lokal na influencer upang lumikha ng anunsyong serbisyong publiko (PSA, public service announcement) at/o itaguyod ang pagtugon sa #2020Census sa pamamagitan ng social at lokal na media (e-mail, lokal/panreong telebisyon at radyo, at mga newsletter). Makukuha ang toolkit para sa PSA sa <<https://2020census.gov/en/partners/psa-toolkit.html>>.
- Ibahagi ang nilalaman sa social media mula sa <https://2020census.gov/en/partners/outreach-materials.html?tagfilter_list_copy=Type%7C2020census:type/social-media>.

Magdaos ng Parada

Imbitahan ang mga lider ng komunidad, lokal na sikat na mga tao, manlalaro at trak ng bumbero upang dumaan sa mga kapitbahayang kaunti ang tumutugon sa isang hindi pormal na parada.

- Pukawin ang atensyon nang may malakas na tugtog, busina, at megaphone upang himukin ang kapitbahayang tumugon.
- Isaalang-alang ang pag-imbata ng nagmamartsang banda ng simbahan o drumline ng paaralan na sumali—habang may pagdidistansya sa bawat isa—sa parada.

Tawagan ang mga Sambahayan

- Ang ilang organisasyon batay sa pananampalataya ay naglilista ng mga boluntaryo upang tawagan ang bawat miyembro ng kanilang lokal na kongregasyon upang itanong kung nakumpleto na nila ang senso at, kung hindi ay hinihikayat silang tumugon.
- Ang ilang lungsod (cities) ay iniaangkop ang mga programa ng kabataang empleyado para sa tag-init upang tumulong sa pagtawag sa mga residente.

Maghulog ng mga Polyeto

Isaalang-alang ang paghuhulog ng polyeto sa bawat pinto sa mga kapitbahayang kaunti ang tumutugon.

- Ilagay sa polyeto ang paliwanag kung bakit mahalaga ang senso sa partikular na kapitbahayang iyon.
- Isaalang-alang ang paglalagay ng larawan at kataga mula sa isang iginagalang na lokal na lider upang madagdagan ang kabuluhan ng polyeto sa kapitbahayan.
- Hikayatin ang bawat puno ng sambahayang tumugon online sa pamamagitan ng telepono, o sa pamamagitan ng koreo nang sa gayon ay hindi na kinakailangang bumisita ng tagapanayam sa panahong ito ng tag-init

Sumulat sa Editor

Sumulat ng liham sa editor o mga op ed upang hikayatin ang pagtugon.

Karagdagang Mapagkukunan para sa 2020 Senso

Toolkit para sa mga Pang-estado (state) at Lokal na Opisyal—<<https://2020census.gov/content/dam/2020census/materials/partners/2019-09/toolkit-state-local-officials.pdf>>

Ipalaganap ang Impormasyon—<<https://2020census.gov/en/how-to-help.html>>

Video na Ano ang Senso—<www.youtube.com/watch?v=Eq-FMB4epyw&feature=youtu.be>

Mga Tanong at Sagot para sa mga Stakeholder—<<https://2020census.gov/content/dam/2020census/materials/partners/2019-10/partners-self-response.pdf>>

Press Kit para sa COVID-19—<<https://2020census.gov/en/news-events/press-kits/covid-19.html>>

Data Hub para sa COVID-19—<<https://covid19.census.gov/>>

Kumonekta sa amin
@uscensusbureau

Para sa higit pang impormasyon:
2020CENSUS.GOV

D-FS-PA-EN-031

Shape
your future
START HERE >

United States®
Census
2020